Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-12 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 174-2019

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA HUMIHIKAYAT SA LAHAT NG PAARALANG ELEMENTARYA, SEKONDARYA AT TERSYARYA, SANGGUNIANG BARANGAY AT SA BAWAT MAMAMAYAN NG MALOLOS NA TUMALIMA AT PAIGTINGIN ANG PROJECT W.A.T.C.H. (WE ADVOCATE TIME CONCIOUSNESS AND HONESTY).

AKDA NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, kinikilala ng Seksyon 1 Artikulo XIV ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang mahalagang gampanin ng mataas o dekalidad na edukasyon sa pagpapaunlad at paghubog ng bansa gayundin ang pagmamandato ng pagkakaroon ng komprehensibong programa para sa pag-aaral ng mga kabataang Pilipino at ang paghubog nila sa tamang pag-uugali;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang paghahandog ng pinakamataas na antas ng paglilingkurang publiko sa mga mamamayan nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman at edukasyon sa mga kabataang Malolenyo gayundin ang pagpapalakas at pagtataguyod ng isang malinis, matapat at mapanagutang pamamahala;

SAPAGKAT, nakapaloob sa DepEd Memorandum No. 410 s. 2009 'Guidelines on the Establishment of a W.A.T.C.H. School' na may petsang Setyembre 18, 2009 ang pagmamandato sa lahat ng pampubliko at pampribadong paaralan sa bansa ang pagtataguyod sa kalalagayan ng pagbibigay halaga sa oras ng bawat isa gayundin ay maikintal sa bawat mag-aaral ang pagiging matapat sa lahat ng oras at pagkakataon;

SAPAGKAT, ang proyektong W.A.T.C.H. o We Advocate Time Consciousness and Honesty ay may layuning turuan ang mga kabataang mag-aaral sa pagpapahalaga sa oras at pagiging matapat bilang mahalagang aspeto ng disiplina na dapat maimulat at maikintal sa kanilang mga isipan;

SAPAGKAT, ang nasa oras at pagiging matapat ang siyang huhubog sa pagkatao ng mga mag-aaral hindi lamang sa pagkatuto sa paaralan;

SAPAGAKAT, bilang bahagi ng komunidad ay obligasyon nating irespeto at igalang ang oras ng iba gayundin ang pagbibigay ng respeto sa lahat anuman ang kanyang kasarian, lengguwahe, antas ng edukasyon, kalalagayang sosyal, kulay o relihiyon;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

Sa mungkahi ni Igg. Nino Carlo C. Bautista, na sinang-ayunan ng lahat na:

IPINASIYA gaya ng dito ay ginagawang pagpapasya na magalang na hinihiling sa lahat ng Paaralang Elementary, Sekondarya at Tersyarya, Sangguniang Barangay, at sa mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos na makibahagi sa Project W.A.T.C.H (We Advocate Time Conciousness And Honesty).

IPINASIYA pa din na mabigyang sipi nito ang lahat ng pampubliko at pampribadong paaralang elementarya, sekondarya at tersyarya gayundin ang lahat nang pinatutungkulan nito.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*091219